



Modelong Estratehiya sa Paglinang ng Kasanayang Pampagtatrabaho tungo sa Integrasyon sa Asignaturang Filipino sa Pangkalahatang Edukasyon: Isang Preliminaryong Pag-aaral

A Model Strategy for Enhancing Employability Skills Towards Its Integration in the General Education Filipino Subject: A Preliminary Study

Justine A. Wong ^a, Voltaire M. Villanueva ^b

^aFar Eastern University-Cavite

^bPhilippine Normal University

ABSTRAK

Ang pandaigdigang paggamit ng Ingles sa edukasyon at trabaho ay isang hamon sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino sa gitna ng globalisasyon. Ang pag-aaral na ito ay isang paunang hakbang sa pagbuo ng isang modelong estratehiya—KORPMUNIKASYON—na naglalayong linangin ang kasanayang pampagtatrabaho, partikular ang komunikatibong pansosyal, sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Pangkalahatang Edukasyon.

Gamit ang deskriptibong disenyo at kwalitatibong sarbey na may *purposive sampling*, natukoy ang mga kasanayang mahalaga sa iba't ibang industriya gaya ng epektibong pakikipagtatrabasan, aktibong pakikinig, pakikipagtulungan, at angkop na paggamit ng teknolohiya sa komunikasyon. Kabilang dito ang pagsulat ng email, memo, ulat, at liham; pakikilahok sa makabuluhang diskusyon; pakikipag-ugnayan sa gawaing pampubliko; at pagpapaliwanag ng komplikadong ideya sa malinaw at payak na paraan. Batay sa mga datos, lumitaw ang pangangailangan sa mga kasanayang ito upang maging epektibo sa lugar

ARTICLE HISTORY

Lead Editor:

Marie Paz E. Morales, PhD

Received:

June 4, 2024

Revised:

June 16, 2025

Accepted:

June 18, 2025

MGA SUSING SALITA:

kasanayang pampagtatrabaho,
komunikatibong pansosyal,
pangkalahatang edukasyon

ng trabaho, dahilan upang matagumpay na mabuo ang modelong KORPMUNIKASYON na sumasalamin sa mga kasanayang inaasahan ng industriya.

Ang modelong ito ay nakabatay sa *task-based language learning* at *communicative language teaching*, at nagpapakita ng praktikal na aplikasyon ng teorya sa pagtuturo ng wikang Filipino. Iminumungkahi ng pag-aaral ang pagsasagawa ng pilot testing upang masuri ang kaangkupan at kabisaan ng modelo sa iba't ibang konteksto, at ang rebisyon ng kurikulum ng Filipino upang higit na maisulong ang integrasyon ng kasanayang pampagtatrabaho sa General Education..

ABSTRACT

The global dominance of English in education and employment poses a challenge to the intellectualization of the Filipino language amidst globalization. This study serves as a preliminary step in developing a model strategy—KORPMUNIKASYON—that aims to integrate employability skills, particularly social communicative competence, into the teaching of Filipino in General Education.

Using a descriptive design and qualitative survey with purposive sampling, the study identified key communication skills valued across industries, such as effective communication, active listening, collaboration, and appropriate use of digital tools. These skills include writing emails, memos, and reports; participating in meaningful discussions; engaging in public communication; and explaining complex ideas clearly and simply. Based on the responses of industry representatives, the study confirms the strong demand for these skills, leading to the development of the KORPMUNIKASYON model that aligns with the real-world needs of employers.

Grounded in task-based language learning and communicative language teaching, this model illustrates how theory and practice can be effectively integrated in Filipino language education to enhance workplace readiness. The study recommends pilot testing of the

KEYWORDS:

employability skills, social communicative competence, general education

proposed model, curriculum revision to embed workplace communication standards, and the promotion of interdisciplinary teaching using Filipino.

Introduksyon

Malaki ang impluwensiya ng globalisasyon at teknolohikal na pag-unlad sa edukasyon sa Pilipinas, partikular sa mas mataas na edukasyon (Pacol, 2023; Asio & Soriano, 2022). Isa rito ang pagpapalakas ng wikang Ingles bilang global na wika sa trabaho, na nagiging hamon sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino (Asio & Soriano, 2022).

Kaugnay nito, sa antas ng kolehiyo dito sa Pilipinas ay makikita ang impluwensiyang ito sa desisyong alisin ang Filipino at Panitikan sa core curriculum ng General Education, alinsunod ito sa CHED Memorandum (CMO) No. 20, s. 2013, bilang mga asignaturang hindi na pangunahing kailangan sa pangkalahatang edukasyon. Dagdag pa rito, ipinatupad ito sa paniniwalang natamo na ng mga mag-aaral ang mga batayang kasanayan sa Filipino sa ilalim ng K-12 curriculum. Sa kabilang banda, bilang tugon sa pagtutol ng akademikong sektor at sa bisa ng Temporary Restraining Order (TRO) ng Korte Suprema noong 2015, ipinahayag ng CHED Memorandum Order No. 57, s. 2017 ang pansamantalang pagpapatuloy ng pagtuturo ng Filipino at Panitikan sa kolehiyo habang hindi pa napapawalang-bisa ang TRO. Muli naman itong pinagtibay sa CHED Memorandum Order No. 4, s. 2018, na nagtakda ng minimum na anim hanggang siyam (6-9) na yunit ng Filipino at tatlo hanggang anim (3-6) na yunit ng Panitikan para sa mga kursong nasa larangan ng Humanities, Social Sciences and Communication (HUSOCOM), at hindi bababa sa anim (6) na yunit ng Filipino para sa iba pang disiplina. Ipinakikita sa mga kautusan na ito ang pagkilala pa rin sa mahalagang papel ng Filipino sa kolehiyo sa kabila ng mga reporma sa kurikulum.

Samantala, ang ganitong polisiya sa kolehiyo ay katulad din ng inisyatiba ng Kagawaran ng Edukasyon, gaya ng planong gawing elektib ang asignaturang Filipino sa Senior High School (SHS) simula taong panuruan 2025-2026 na kay Carlos (2024) at Chi (2024). Ayon sa kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon na si Juan Edgardo Angara, layunin ng DepEd na bawasan ang kasalukuyang asignatura sa bawat track ng SHS at gawin itong elektib na lamang. Magkakaroon lamang ng iisang core curriculum na tututok sa pagbasa, pagsulat, soft skills, at edukasyong pampalakasan upang matiyak na ang bawat mag-aaral ay may sapat na batayang kasanayan anoman ang kanilang piliing track (Carlos, 2024; Chi, 2024). Mapapansin na ipinakikita ng polisiyang ito ang pagkilala sa kahalagahan ng soft skills tungo sa paghahanda sa mundo ng pagtatrabaho.

Dagdag pa rito, sinasabing mabibigyang-daan din nito ang paglalaan ng mas maraming oras para sa work immersion at practical skills development, alinsunod sa direktiba ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. Ipinahihiwatig ng polisiyang ito na hindi prayoridad ang

Filipino sa global na edukasyon at trabaho. Kamakailan ay inalis din ang Mother Tongue-Based Multilingual Education sa bagong Kurikulum na MATATAG K-10, na nagpapakita ng mababang pagpapahalaga sa sariling wika.

Ang mga hakbanging ito ay lumalabag sa ilang batas gaya ng Batas Republika Blg. 7104, na nagtatag ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) upang itaguyod at paunlarin ang Filipino, at Batas Republika Blg. 10533 o Enhanced Basic Education Act of 2013, na nagtatakda ng paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo. Ang ganitong pagbabago ay magdudulot ng banta sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino at sa pagpapanatili ng pagkakakilanlan ng mag-aaral.

Samantala, habang isinusulong sa SHS ang mga soft skills kabilang ang komunikasyon ay nananatiling hamon kung paano ito maipagpapatuloy at mapalalalim sa antas ng kolehiyo lalo na sa kontekstong Filipino. Nararapat itong pagtibayin upang magsilbing tulay ng mga mag-aaral tungo sa tunay na gamit ng wika sa propesyunal na mundo.

Ayon kina Zafra at Baroquillo (2024), mahalagang gamitin ang wikang pambansa sa iba't ibang larangan upang maging intelektuwalisado. Binanggit din ni Ricardo Nolasco na sa paggamit ng sariling wika, napauunlad ang mataas na antas ng pag-iisip. Kaya naman sa panahon ng globalisasyon, hindi dapat ituring na hadlang ang Filipino, kung hindi isang mahalagang daluyan ng kaalaman.

Sa ganitong kalagayan, upang maisakatuparan ito, dapat ipakita ang kabuluhan ng Filipino sa iba't ibang disiplina. Mahalaga ring ipakita sa pangkalahatang edukasyon sa kolehiyo na ang Filipino ay may kaugnayan sa kasanayang pampagtatrabaho (*employability skills*). Ang pagtuturo ng komunikasyong sosyal ay makatutulong upang ipakita ang espasyo ng Filipino sa kolehiyo at trabaho, anuman ang kursong kinukuha ng mag-aaral.

Dagdag pa rito, sa mga pagbabagong nagaganap sa edukasyon ay mahalagang makilala ang mga kasanayang nakaaambag sa kahandaan ng mga mag-aaral sa mundo ng trabaho. Isa sa mga ito ang kasanayang komunikatibong pansosyal (*social communicative competence*), na binibigyang-halaga ng iba't ibang industriya bilang mahalagang bahagi ng soft skills (Caingcoy et al., 2021; Briones, Apat et al., 2021; Ng, Chan et al., 2021; Jackson, 2013). Sa pamamagitan ng epektibong interaksyon, pakikipag-ugnayan, at pagpapanatili ng maayos na ugnayan sa kapwa, napalalalim ang kooperasyon at pagiging produktibo sa loob ng isang organisasyon. Kaya naman mahalagang pagtuunan ng pansin ang pagsasanib ng ganitong kasanayan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino bilang tugon sa hamon ng intelektuwalisasyon ng wika at paglinang ng kahandaan sa trabaho.

Pagbabalik-tanaw sa Asignaturang Filipino sa Lalong Mataas na Edukasyon bilang Mandatoring Asignatura

Bago maging opsyonal ang asignaturang Filipino sa tersyarya, itinadhana ng CHED Memorandum Order Blg. 59 (1996) ang siyam (9) na yunit ng Filipino sa kolehiyo upang “malinang ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa paggamit at pagkatuto ng Filipino sa iba’t ibang disiplina” (Villafuerte, 2022).

Dagdag dito, binigyang-diin din ang Patakarang Edukasyong Bilinggwal sa DECS Order No. 52, s. 1987, kung saan ang asignaturang Filipino ay ituturo sa wikang ito, at ang asignaturang Ingles sa Ingles. Ang mga asignaturang panliteratura ay maaaring ituro sa Ingles, Filipino, o wikang pantulong, habang ang Humanidades at Agham Panlipunan ay nararapat na ituro sa Filipino.

Makikita na mas mayroong espasyo para sa Filipino noon kaysa sa kasalukuyan. Ang pagbabalik-tanaw sa kalakaran ng pagtuturo ng Filipino sa kolehiyo ay maaaring maging gabay sa pagbuo ng karagdagang nilalaman at kasanayan sa pangkalahatang edukasyon.

Ang Asignaturang Filipino sa Lalong Mataas na Edukasyon sa Kasalukuyan

Ang estado ng pagtuturo ng asignaturang Filipino at Panitikan sa kolehiyo, partikular sa Pangkalahatang Edukasyon, ay nananatiling nakabitin matapos itong gawing hindi mandatori batay sa CHED Memorandum Order Blg. 20 (2013). Bagamat hindi sinang-ayunan ng Alyansa ng mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (Tanggol Wika), sinuportahan ito ng Korte Suprema dahil wala umanong nilabag sa konstitusyon.

Ayon dito, inilipat ang mga asignatura sa antas 11 at 12 ng senior high school sa ilalim ng K-12 kurikulum, katumbas ng unang dalawang taon sa kolehiyo bago ang K-12. Pinanatili rin ang Filipino bilang opsyon sa pagtuturo sa pangkalahatang edukasyon. Nilinaw ng Korte Suprema na may kalayaan ang mga kolehiyo at unibersidad, pampubliko o pampribado, na ituro ang asignatura sa angkop na digri. Ito ay bilang pagsasaalang-alang sa academic freedom ng mga institusyon, ayon kay CHED Chairperson Prospero De Vera (Limos, 2019). Dagdag niya, ang kautusan ay minimum na tuntunin na maaaring baguhin ayon sa pangangailangan ng kurikulum.

Dahil dito, patuloy pa ring naituro ang Filipino sa ilang kolehiyo at unibersidad. Matatandaan na sa CHED Memorandum Order Blg. 59 (1996), itinadhana ang siyam (9) na yunit ng Filipino sa kolehiyo upang “malinang ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa paggamit at pagkatuto ng Filipino sa iba’t ibang disiplina” (Villafuerte, 2022).

Ang mga pagbabagong ito sa sistemang pang-edukasyon ay bahagi ng impluwensiya ng globalisasyon at teknolohikal na pag-unlad (Asio at Soriano, 2022). Dahil sa globalisasyon, higit na pinapalakas ang Ingles bilang wikang global na makakatulong sa mga mag-aaral sa kanilang trabaho.

Ang ganitong kolonyal na pag-iisip—na laging mahusay, magaling, at maganda ang anumang gawang banyaga—ay nagpapalakas sa paggamit ng Ingles bilang “prestihiyosong wika” (Constantino, 1991), na nagdudulot ng inferiority complex sa mga Pilipino kapag mas pinahahalagahan ang sariling wika. Ito rin ay nagiging repleksyon ng pananaw ng mga mag-aaral sa kanilang wika at kultura.

Upang mapalakas ang Filipino sa kolehiyo, partikular sa pangkalahatang edukasyon, malaki ang maitutulong ng kasalukuyang pananaliksik bilang gabay sa mga guro sa mga institusyong patuloy na nagtuturo nito.

Kasanayang Pampagtatrabaho (*Employability Skills*) at Komunikasyong Sosyal sa Trabaho (*Social Communicative Competence*)

Ang kasanayang pampagtatrabaho (*employability skills*) ay binigyang-pagpapakahulugan bilang mga kinakailangang kasanayan at personal na katangiang itinuturing na mahalaga sa industriya upang matanggap sa trabaho ang mga mag-aaral na nakapagtapos na ng kolehiyo (Bridgstock, 2009; Jackson 2016) nasa (Rowe & Zegwaard, 2017). Ang mga kasanayang ito ay maaaring teknikal o hindi teknikal na kinakailangang mahubog upang magkaroon ng kahandaan sa pagtatrabaho ang mga mag-aaral. Mahalagang matukoy ang mga tiyak na kakayahang pampagtatrabahong hinahanap ng iba’t ibang industriya upang ang mga ito ay mahasa nang mas maaga sa mga mag-aaral habang sila ay nag-aaral pa lamang sa kolehiyo. Gayundin, ang pagdidisenyo ng mga paaralan na huhubog sa kasanayang pampagtatrabaho ay mahalaga ring maisaalang-alang.

Kaugnay nito ay mayroon ding mga nauna nang pag-aaral na naisagawa na at nagpakita ng mga resultang kailangan ang kasanayang pangkomunikasyon o interpersonal na pakikipag-ugnayan bilang isa sa mga integral na katangiang pampagtatrabahong dapat taglayin ng mga bagong nagsipagtapos na hinahanap ng iba’t ibang industriya (Caingcoy et al., 2021; Briones at Apat et al., 2021; Ng & Chan et al., 2021; Jackson 2013). Dito maiuugnay ang kakayahang komunikatibong pansosyal o *social communicative competence* na binigyang-pagpapakahulugan nina Stafford (2015) at Bakx at Sijtsma et al. (2002) bilang mga kakayahang makapagtamo ng kaalaman, kakayahan, mga personal na layunin at pampropesyonal na pag-uugali sa akto ng pakikipag-interaksyon nang napananatili ang positibong pakikipag-ugnayan sa kapwa. Mayroong kaugnayan ang katangian nito sa pagpapahalaga sa pakikipag-ugnayang sosyal at pagpapanatili ng *smooth interpersonal relationship* (SIR).

Bagamat wala pang umiiral na pag-aaral na nagpapakita ng pagsasanib ng kasanayang pampagtatrabaho sa pagtututuro ng asignaturang Filipino, ang paunang pag-aaral na ito ay makatutulong upang makabuo ng mga estratehiyang lilingan sa *social communicative competence* bilang kasanayang pampagtatrabaho sa mga mag-aaral sapagkat isa ang kakayahang komunikatibong pansosyal sa mga kinakailangan sa trabaho higit lalo sa paraan ng pakikipag-ugnayan sa katrabaho. Sa ganitong paraan ay makatulong ang pagbuo ng mga ganitong uri ng pag-aaral sa intelektuwalisasyon at nagpapalakas ng Filipino sa edukasyon.

Mga Umiiral na Balangkas at Modelo sa Pagtuturo ng Filipino

Bunga ng kolonyal na pananaw (Constantino, 1991) sa sistema ng edukasyon na nagiging manifestasyon sa pagtatrabaho; may ilang mga pag-aaral sa Pilipinas na itinataguyod ang pagbuo ng balangkas at modelong pedagohiya sa kolehiyo kung saan pinag-aaralan at ginagamit ang wikang Filipino. Sa pag-aaral ni Villanueva (2021), pinalutang nito ang makabayang pedagohiya o makabayang edukasyon sa pamamagitan ng pagbuo ng kursong tutugon sa hamon ng CHED at pagbuo ng mga silabus nito na nagpapalutang sa masining at makaagham na pagtuturong nakatuon sa nasyonalismo para sa pangkalahatang edukasyon ng mga magiging guro sa hinaharap.

Samantala, sa pag-aaral naman nina Alvarado at Zamora (2021), naging tuon nito ang pagbuo ng pedagohiyang gramatika ng Sinugbuanong Bisaya tungo sa pagbabalangkas ng mga gawaing komunikatibo sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino ng mga Cebuanong gurong mag-aaral na nagmemedyor sa Filipino gamit ang nasabing wika.

Mula sa mga ito, mapapansin na kapwa ang balangkas at modelo ng mga naunang pag-aaral ay nakatuon pa lamang sa mga mag-aaral na magiging guro sa hinaharap; gayundin ay nakatuon sa kahalagahan ng makabayang edukasyon. Ang puwang sa kung paano magagamit ang wika at asignaturang Filipino upang maituro ang mga kasanayang pampagtatrabaho o employability skills sa pangkalahatang edukasyon para sa mga mag-aaral na may iba't ibang kursong kinukuha ay wala pang pag-aaral na naisasagawa bilang tugon sa umiiral na puwang.

Dahil dito, mahalagang makabuo ng isang modelong estratehiya sa paglinang ng kasanayang pampagtatrabaho ng mga mag-aaral sa pangkalahatang edukasyon sa tulong ng asignaturang Filipino. Ito ay upang maipakita at mapangatuwiran sa sistema ng edukasyon ang kahalagahan ng wika at asignaturang Filipino at kalaunan ay maging daan tungo sa mataas na pagkilala rito bilang wika, midyum at asignatura.

Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito sa kabuoan ay naglayong makabuo ng mungkahing modelong estratehiya para sa paglinang ng kasanayang pampagtatrabaho sa mga mag-aaral, partikular ang komunikatibong pansosyal, sa pamamagitan ng integrasyon nito sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa pangkalahatang edukasyon.

Sinagot dito ang mga tiyak na layunin na: (1) makapili ng mga kasanayang pampagtatrabahong, tuon ang komunikatibong pansosyal, na kinakailangang linangin sa mga mag-aaral; (2) makapagdisenyo ng mga mungkahing estratehiyang lilinang sa kasanayang pampagtatrabaho ng mga mag-aaral na maaaring isanib sa asignaturang Filipino; (3) makabuo ng mga praktikal na gawaing lilinang sa kasanayang komunikatibong pansosyal ng mga mag-aaral.

Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagbuo ng isang mungkahing modelong estratehiya na naglalayong linangin ang komunikatibong pansosyal na kasanayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng integrasyon nito sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Pangkalahatang Edukasyon. Sa pagdidisenyo ng modelong ito, pinagsama-sama sa iisang balangkas ang iba't ibang pananaw na may direktang kaugnayan sa wika, komunikasyon, at edukasyon.

Ang batayang teoretikal ng pag-aaral ay nakaugat sa Komunikatibong Pagtuturo ng Wika (Richards, 2006), na binibigyang-diin ang pagkatuto ng wika sa pamamagitan ng aktwal at makabuluhang paggamit nito sa tunay na konteksto. Kaugnay nito, isinama rin ang Task-Based Learning (Willis, 1996), kung saan nakabatay ang mga gawain sa mga totoong suliranin at karanasang propesyonal. Sa ganitong paraan, nagiging mas epektibo ang integrasyon ng Filipino sa mga gawaing nagsisilbing paghahanda sa mga sitwasyong kinahaharap sa larangan ng trabaho.

Upang higit na mapalalim ang aspektong pangkomunikasyon, ginamit ang konsepto ng Interpersonal Communication nina Paju at Entson (2016) na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng aktibong pakikinig, malinaw na pagsasalita, at di-berbal na ekspresyon sa pagtataguyod ng mabisang ugnayan. Ito ay isinama sa mas malawak na ideya ng Social Communicative Competence nina Stafford (2015) at Bakx et al. (2002), na tumutukoy sa kakayahang makipag-ugnayan sa paraang epektibo, sensitibo sa konteksto, at nakatutugon sa parehong personal at propesyonal na layunin. Ang kasanayang ito ay may matibay na ugnayan sa mga resulta ng naunang pananaliksik (Caingcoy et al., 2021; Briones, Apat et al., 2021; Ng, Chan et al., 2021; Jackson, 2013) na nagpapakita ng mataas na pangangailangan sa mga interpersonal na kakayahan sa mga bagong nagtapos.


Bilang pagsunod sa katangiang kultural ng komunikasyon sa kontekstong Pilipino, isinasaalang-alang din sa balangkas ang Smooth Interpersonal Relationship (SIR), na nagpapakita ng pagpapahalaga sa maayos at mahinahong pakikitungo—isang mahalagang aspekto sa mga ugnayang propesyonal. Sa ganitong pananaw, ginamit din ang ideya ng CORPOLECT mula kay Wejs (2022), isang konsepto ng wikang ginagamit sa mga institusyong propesyonal. Mula rito, hinango ang katawagang KORPMUNIKASYON, na nagsisilbing katawagan at inspirasyon sa estratehiyang komunikatibo na binuo sa pag-aaral, isang pamamaraang naglalayong paunlarin ang wika at komunikasyon sa paraang akma sa propesyonal na mundo.

Samantala, upang maging sistematiko at pedagogikal ang istruktura ng modelong estratehiya, ginamit at inangkop ang Makabayang Pedagogiya ni Villanueva (2021). Binubuo ito ng mahahalagang sangkap gaya ng mga (1) layunin sa pagkatuto; (2) paksang-aralin; (3) mahahalagang tanong; (4) gawaing pangklase ng guro at mag-aaral; at (5) mga kaugnay na gawain. Ang mga elementong ito ay nagsilbing gabay sa pagbabalangkas ng mga estratehiyang angkop sa kontekstong Filipino at may malinaw na layuning paunlarin ang kakayahang pansosyal sa komunikasyon.

Sa kabuoan, ang konseptwal na balangkas ng pag-aaral ay nakasandig sa magkakaugnay na mga prinsipyo at modelo mula sa larangan ng wika, edukasyon, komunikasyon, at kultura. Layon nitong makabuo ng isang makabuluhang estratehiya na magpapatibay sa papel ng Filipino bilang asignatura na hindi lamang lumilinan ng kaalaman sa wika, kung hindi nagsisilbing daan tungo sa paghahanda ng mga mag-aaral sa hamon ng propesyonal na mundo sa pamamagitan ng social communicative competence. Ipinakikita sa Figura 1 ang ugnayan ng mga teoretikal na pananaw at pedagogikal na elemento na nagsanib upang maisakatuparan ang inaasahang kinalabasan ng pananaliksik na ito.

Figura 1

Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral



Mula sa pinagsama-samang teoretikal at konseptwal na batayan, nabuo ang modelong tinawag na KORPMUNIKASYON, isang Modelong Estratehiya sa Paglinang ng Kasanayang Pampagtatrabaho sa Pangkalahatang Edukasyon-Filipino na naglalayong paunlarin ang kasanayang komunikatibong pansosyal ng mga mag-aaral bilang paghahanda sa mundo ng trabaho. Ang modelong ito ay resulta ng integrasyon ng mga pangunahing pananaw mula sa iba't ibang larangan.

Sa bahagi ng pedagogikal na disenyo, ginamit ang Modelo ng Makabayang Pedagogiya ni Villanueva (2021) at ang konsepto ng CORPOLECT ni Wejs (2022), na nagsisilbing batayan ng estratehiya sa pagbuo ng mga kontekstwal at makabuluhang aralin sa Filipino na nakaangkla sa tunay na kalagayan ng mga propesyonal na larangan. Samatala, sa panig naman ng komunikatibong pananaw ay isinama ang Komunikasyong Interpersonal nina Paju

at Entson (2016), ang prinsipyo ng Communicative Language Teaching ni Richards (2006), at ang Task-Based Learning ni Willis (1996), na nagpapalakas sa integrasyon ng wika sa mga gawaing interaktibo at nakatuon sa mga kontekstong makatotohanan at may aplikasyon sa realidad.

Ang KORPMUNIKASYON ay hindi lamang koleksyon ng estratehiya kung hindi isang sistematikong modelo na naglalayong ituon ang pagtuturo ng Filipino sa paghubog ng social communicative competence, ang kakayahang makipag-ugnayan nang epektibo, may kultura ng respeto, at may layuning propesyonal. Ang kasanayang ito ay kinikilala ng mga mananaliksik tulad nina Bakx at Sijtsma et al. (2002) bilang isang mahalagang sangkap sa tagumpay ng mga nagtapos sa kanilang napiling propesyon.

Sa kabilang banda, mapapansin sa pigura na ang social communicative competence ang nakapalibot sa buong balangkas, bilang pangunahing layunin ng modelong binuo. Ipinakikita nito na ang lahat ng sangkap sa gitna, mula sa pedagogikal na anyo hanggang sa komunikatibong nilalaman ay nakatuon upang matamo ang kasanayang ito. Sa kabuoan, ang sentrong layunin ng pag-aaral ay linangin ang kakayahang komunikatibong pansosyal ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng makabuluhang pagtuturo ng Filipino na tumutugon sa hamon at pangangailangan ng mundo ng trabaho sa kasalukuyan.

Metodolohiya

Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit ng pag-aaral ang disenyong deskriptibo sa pagpili ng mga kakayahang komunikatibong pansosyal na kailangang malinang sa mga mag-aaral batay sa pananaw ng iba't ibang empleyado sa industriya. Hinango ang mga kasanayang pampagtatrabahong ito sa iba't ibang kaugnay na literatura (Caingcoy et al., 2021; Briones at Apat et al., 2021; Ng at Chan et al., 2021; Jackson 2013) tungo sa pagbuo ng mungkahing modelo ng estratehiya para sa integrasyon ng kasanayang pampagtatrabaho sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa pangkalahatang edukasyon.

Kalahok

Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga kalahok. Siyam (9) na kalahok mula sa iba't ibang industriya ang napili batay sa sumusunod na pamantayan: (1) kumakatawan ang industriya sa alinmang kurso na mayroon ang FEU-Cavite gaya ng Accountancy, Business Administration, Communication, Hospitality Management, Information Technology, Medical Technology, Tourism Management o iba pang mga larangan; at (2) may isa hanggang tatlo (3) pataas na karanasan sa trabaho o pamamahala sa industriyang kinabibilangan.

Bagamat hindi direktang representasyon ng kabuoang populasyon ng mga empleyado ang mga kalahok dahil sa limitadong bilang, ang kanilang mahalagang karanasan at pananaw ay nagamit upang matugunan ang layuning makapili ng kasanayang komunikatibong pansosyal para sa pagbuo ng mga estratehiya bilang panimulang hakbang sa pagbuo ng mungkahing modelong estratehiya na maaaring maging batayang hakbang ng mga susunod na pag-aaral.

Samantala, ang pagkakakilanlan ng mga kalahok ay sadyang binago sa pamamagitan ng koda upang matiyak ang pagiging pribado nito. Makikita sa Talahanayan 1 ang kanilang demograpikong impormasyon.

Talahanayan 1

Demograpikong Impormasyon ng mga Kalahok

Koda	Kursong Tinapos	Edad	Kasarian	Kasalukuyang Trabaho/ Posisyon sa Trabaho	Kabuoang Bilang ng Taon sa Pagtatrabaho na may Kaugnayan sa Kursong Tinapos
A	Masters in Psychology with Specialization in Clinical Psychology	25- 35 taong gulang	Babae	Psychologist	10 taon
B	BS Accountancy	25- 35 taong gulang	Lalaki	Auditor- Senior Manager	10+ taon
C	Accountancy	25- 35 taong gulang	Lalaki	Financial Reporting/ Manager	11 taon
D	BS in Computer Engineering	25- 35 taong gulang	Lalaki	Systems Administrator	4 taon
E	Industrial Engineering, and Industrial Management	56- 65 taong gulang	Lalaki	Regional Sales Manager for Southeast Asia	20 taon
F	BS in Information Technology	25- 35 taong gulang	Lalaki	Management Systems Development Specialist	8 taon
G	BS Business Economics - Masters in Management in Hospital Administration	25- 35 taong gulang	Babae	DLSMHSI - Administrator, Business Services	11 taon
H	BS in Marine Transportation	36- 45 taong gulang	Lalaki	Seafarer/Pumpman	20 taon
I	BS Accountancy	56- 65 taong gulang	Lalaki	Restaurant Owner	30+ taon

n= 9

Instrumento

Napili ang mga kasanayang komunikatibong pansosyal sa trabaho sa pamamagitan ng kwalitatibong sarbey na nasa Google Form. Ito ay sumailalim sa pagsusuri ng eksperto upang matiyak na tumutugon ito sa layunin bago ipamahagi sa mga kalahok. Sinagutan ito ng mga kalahok na pumayag maging bahagi ng pananaliksik. Ang pagpili ng kinakailangang kasanayan mula sa sarbey ay batay sa kanilang kaalaman at karanasan sa trabaho.

Samantala, ang nilalaman ng sarbey ay nahahati sa tatlong bahagi: (1) demograpikong impormasyon; (2) listahan ng kasanayang pangkomunikatibong pansosyal sa trabaho mula sa iba't ibang literatura; at (3) karagdagang komento. Ang unang bahagi ay tungkol sa edad, kasarian, at posisyon sa trabaho ng kalahok. Ang ikalawa ay pagpipiliang kasanayang pangkomunikatibong pansosyal, at ang ikatlo ay pagkakataon para sa mungkahi o komento.

Sinuri ang resulta gamit ang: (1) percentage analysis upang mapili ang mahahalagang kasanayan; at (2) thematic analysis para sa paghahanay ng magkakatulad na tema tungo sa pagbuo ng layuning pampagkatuto at estratehiya. Tiniyak din ang pagiging kumpidensyal ng lahat ng impormasyon para sa layunin ng pananaliksik.

Pagkalap ng Datos

Ang sarbey ay ipinadala sa mga kalahok sa pamamagitan ng link ng google form gamit ang snowball teknik. Ang sarbey ay naglalaman ng mga detalye sa layunin ng pag-aaral at paghingi ng pahintulot para sa boluntaryong paglahok sa pag-aaral. Bago tuluyang sagutin ng mga potensyal na kalahok ang sarbey ay tiniyak ng mga mananaliksik na nabasa ng mga ito nang mabuti ang mga detalyeng nakapaloob kaugnay ng pananaliksik kung saan ay mayroong pagpipilian kung nais nila tumuloy o hindi sa pagsagot ng sarbey.

Samantala, naglalaman naman ang nasabing sarbey ng mga pagpipiliang pangkomunikatibong kasanayang sosyal sa trabaho na nagmula sa iba't ibang umiiral na literatura at pag-aaral na dapat malinang sa mga mag-aaral (Caingcoy et al., 2021; Briones at Apat et al., 2021; Ng at Chan et al., 2021; Jackson 2013).

Analisis

Matapos maisagawa ang sarbey sa mga kinatawang kalahok mula sa iba't ibang industriya, isinagawa ang pagsusuri sa datos gamit ang frequency at percentage distribution, gayundin ang ranking ng mga kakayahang komunikatibong pansosyal batay sa dami ng pagpili ng bawat isa mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababa. Upang matukoy ang mga kasanayang itinuturing na mas mahalaga at karapat-dapat isama sa mungkahing estratehiya, ginamit sa pag-aaral ang limampung porsiyento (50%) pataas na threshold bilang batayan sa deskriptibong estadistika.

Ang paggamit ng 50% bilang threshold ay nakaugat sa mga prinsipyo ng needs assessment sa instructional design, kung saan ang cut-off point ay ginagamit upang tukuyin ang mga prayoridad na kakayahan o nilalaman sa kurikulum (Seels & Richey, 1994; Witkin & Altschuld, 1995). Ang mga kasanayang lagpas sa 50% ay itinuturing na may tiyak na halaga sa trabaho batay sa karanasan at pananaw ng mga kalahok, samantalang ang mababa sa 50% ay kinikilalang kasanayang inaasahang taglay na ng mga mag-aaral o hindi prayoridad.

Matapos matukoy ang mga kasanayan, isinagawa ang tematikong pagsusuri (thematic analysis) upang pangkatin ang magkakaparehong kasanayan tungo sa pagtukoy ng sentral na tema kung saan ito nakapaloob. Halimbawa ay ang mga kasanayang nauukol sa pakikipag-ugnayan sa katrabaho, paggawa ng kompromiso at pagpapahalaga sa kontribusyon ng iba ay pinangkat sa temang kooperasyon at kolaborasyon. Ang kasanayang aktibong pakikinig, pagpapaliwanag ng mga komplikadong ideya at makabuluhang pakikilahok sa diskurso ay inuri sa temang pampublikong komunikasyon at pakikilahok. Isinama rin ang temang digital at propesyonal na komunikasyon para sa mga kasanayang may kinalaman sa pagsulat ng email, ulat at propesyonal na dokumento.

Matapos matukoy ang mga temang ito ay binuo ang layuning pangKORPMUNIKASYON at mga gawaing pangKORPMUNIKATIBO na nagsisilbing pundasyon sa mungkahing modelong estratehiya. Ang estratehiya ay inangkupan ng mga elemento mula sa mga umiiral na modelo at prinsipyo tulad ng komunikatibong pagtuturo ng wika (Richards, 2006); Task-based Learning (Willis, 1996); komunikasyong interpersonal (Paju at Entson, 2016); ang konsepto ng CORPOLECT (Wejs, 2022) at makabayang pedagohiya ni Villanueva (2021).

Pinangalanang KORPMUNIKASYON ang modelong estratehiyang dinisenyo upang mapalawak ang ugnayan ng wika, komunikasyon at kasanayang pampagtatrabaho sa konteksto ng asignaturang Filipino sa pangkalahatang edukasyon. Sa pamamagitan ng sistematikong analisis ng datos at pag-uugnay nito sa mga teoretikal at praktikal na mga modelo, layunin ng estratehiyang ito na isulong ang kakayahang komunikatibong pansosyal ng mga mag-aaral tungo sa kanilang pagiging handa sa propesyonal na mundo.

Etikal na Konsiderasyon

Ang mga kalahok ay mula sa iba't ibang industriya na kumatawan sa mga kursong mayroon ang FEU-Cavite (Accountancy, Business Administration, Communication, Hospitality Management, Information Technology, Medical Technology, Tourism Management) at may tatlong taon pataas na karanasan sa pamamahala. Sa pamamagitan ng Google Form, natanggap nila ang liham pahintulot bilang patunay ng kanilang kusang-loob na paglahok bago sagutin ang kwalitatibong sarbey.

Pinanatiling pribado ang pagkakakilanlan ng mga kalahok sa pamamagitan ng paggamit ng mga koda sa halip na tunay na pangalan. Ipinabatid din sa kanila ang layunin ng

pag-aaral, pati ang tagal ng kanilang partisipasyon na isa hanggang dalawang linggo para sa pagsasarbey.

Tiniyak na ang kanilang kasagutan ay gagamitin lamang para sa layuning pananaliksik. Ang mga personal na impormasyong nakalap ay itatago nang pribado at hindi maaaring ibahagi sa iba.

Naglalalaman ang consent form ng sumusunod: (1) Impormasyon tungkol sa layunin ng pag-aaral at kahilingan para sa kanilang paglahok. (2) Pagpili ng kalahok kung papayag o hindi sa pamamagitan ng Google Form.

Talahanayan 2

Mga Kasanayang Pampagtatrabahong nakatuon sa Kakayahang Komunikatibong Pansosyal na Kinakailangan sa Trabaho

Mga Kakayahang Komunikatibong Pansosyal (Interpersonal na Pakikipagkomunikasyon) Paju at Entson (2016)	Bahagdan
Kakayahang magtrabaho nang epektibo sa iba't ibang grupo	100%
Angkop na paggamit at pagsulat ng email, internal/eksternal na mga memo, mga ulat o liham para sa mga kliyente	89%
Aktibong nakikinig at makabuluhang sumasagot	78%
Nagbabahagi at nakikipagtulungan sa iba na gawin ang isang tungkulin	78%
Magpaliwanag ng mga komplikadong ideya o mga salita sa simple at nauunawaang paraan para sa mga kliyenteng may limitadong kaalaman	78%
Maglahad ng presentasyon sa malaki o maliit na pangkat	67%
Wasto at naaangkop na paggamit ng mga di-berbal na komunikasyon (komunikasyong hindi ginagamitan ng pagsasalita) sa pakikipag-usap (facial expression/body language atbp.)	67%
Nagpapahalaga sa kontribusyon na ginawa ng ibang katrabaho	67%
Gumagawa ng kompromiso upang makamit ang layunin ng pangkat.	67%
Makasulat ng mga propesyonal na korespondensiya/ dokumento	56%
Maayos na pakikipag-ugnayan sa mga customer	56%
Kalinawan, kahusayan at katatasan sa pagsasalita ng wikang Filipino	33%
Kaalaman at kahusayan sa grammar, ispelang at istruktura ng wikang Filipino	22%

Tiniyak na ang pananaliksik ay walang eksternal na pwersa o pagpopondo, at ito ay bahagi ng mentorship on research upang maiwasan ang pagiging bias sa pagbibigay ng kasagutan.

Resulta at Pagtalakay ng Pag-aaral

Mga Kakayahang Komunikatibong Pansosyal na Kinakailangang Malinang sa mga Mag-aaral

Isinagawa ang pagpili ng mga kakayahang komunikatibong pansosyal na kailangang malinang sa mga mag-aaral upang maisama sa pagbuo ng estratehiya sa asignaturang Filipino sa pangkalahatang edukasyon. Ang pagpili ay batay sa tugon ng mga kalahok mula sa iba't ibang industriya na may direktang karanasan sa mga kasanayang kinakailangan sa trabaho. Upang mailarawan ang mga kasanayang komunikatibong pansosyal na kinakailangang malinang sa mga mag-aaral, isinagawa ang tematikong pagsusuri sa mga datos mula sa pananaw ng mga kalahok. Ang mga kasanayang may magkaugnay na layunin o tuon ay pinangkat sa ilalim ng magkakaparehong tema gaya ng kooperasyon, paggamit ng teknolohiya sa komunikasyon, at di-berbal na pahiwatig. Mula rito, binuo ang mga layuning pangKORPMUNIKASYON at mga gawaing KORPMUNIKATIBO na bumubuo sa modelong estratehiya.

Batay sa resulta (Talahanayan 2), lumabas na lahat ng kalahok ay nangangailangan ng mga empleyadong (1) *may kakayahang magtrabaho nang epektibo sa iba't ibang grupo (100%)*. Ipinahihwatig ng mga kalahok na kailangang magkaroon ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino upang sanayin ang mga mag-aaral sa pakikipag-ugnayan sa kapwa, lalo na sa pangkatang gawain.

Sinundan ito ng (2) *kakayahan sa angkop na paggamit at pagsulat ng email, memo, ulat, o liham para sa mga kliyente (89%)*. Dahil sa paglaganap ng digital na komunikasyon, mahalaga para sa mga kalahok ang maisama ito sa Filipino upang matiyak ang epektibong paghahatid ng mensahe gamit ang teknolohiya.

Samantala, kapwa nagtamo ng 78% ang mga kasanayang (3) *aktibong pakikinig at makabuluhang pagsagot, (4) pakikilahok sa gawain, at (5) pagpapaliwanag ng komplikadong ideya sa simple at nauunawang paraan*. Ipinahihwatig ng mga kalahok ang pangangailangan ng mga estratehiya sa Filipino na magpapalakas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pampublikong diskusyon, kooperasyon, at pagbabahagi ng kaalaman.

Makikita ang mga kasanayang (6) *makapaglahad ng presentasyon sa pangkat (67%) at (7) makagamit ng di-berbal na komunikasyon nang wasto (67%)*, na nagpapahiwatig mula sa mga kalahok ng pangangailangang malinang ang kakayahang magpahayag gamit ang

kilos ng katawan at matukoy ang pahiwatig ng awdyens. Dagdag pa rito, (8) *magpahalaga sa kontribusyon ng katrabaho (67%)* at (9) *gumawa ng kompromiso upang makamit ang layunin ng pangkat (67%)* ay nagpapakita ng pangangailangang mapanatili ang maayos na ugnayan sa gawain pangkatan. Nakapagtamo naman ng 57% ang (9) *kakayahang sumulat ng propesyonal na korespondensya o dokumento* at (10) *maayos na pakikipag-ugnayan sa kustomer*, na nagpapakita ng kahalagahan ng pagsasanay sa komunikasyong pasalita at pasulat sa kontekstong may teknolohikal na interaksyon.

Mula sa mga kasanayang nabanggit na may 50% pataas binibigyang-diin ng mga kalahok ang kooperasyon, paggamit ng teknolohiya, at mabisang pakikipag-ugnayan sa iba gamit ang di-berbal na komunikasyon. Samantala, ang (11) *kahusayan sa pagsasalita ng Filipino (22%)* at (12) *kaalaman sa grammar, ispelang, at istruktura ng wika (33%)* ay hindi binigyang-tuon mga kalahok. Ipinahihiwatig ng mga kalahok na ang mga mag-aaral ay inaasahang may sapat nang kasanayang nabanggit sa Filipino sang-ayon sa CHED Memorandum Order (CMO) No. 20, Series of 2013 (GE Curriculum) na inaasahang natamo na ng mga mag-aaral ang mga batayang kasanayang ito sa ilalim ng K-12 na kurikulum.

Mula sa nakuhang resulta, binuo ang modelong **KORPMUNIKASYON**, hango sa pag-aaral ni Wejs (2022) tungkol sa **CORPOLECT**, na naglalarawan ng wika sa korporasyon.

KORPMUNIKASYON: Mungkahing Modelong Estratehiya sa Paglinang ng Komunikatibong Pansosyal tungo sa Integrasyon ng Kasanayang Pampagtatrabaho sa Asignaturang Filipino sa Pangkalahatang Edukasyon

Disenyo ng mga mungkahing estratehiya

Sa kasalukyang pag-aaral, inaasahan na ang disenyo ng mungkahing modelong estratehiya na ito ay umiikot sa mga gawaing pakikipagkomunikasyong pansosyal sa trabaho. Ibinatay ito sa isinagawang pagpili ng mga kalahok mula sa iba't ibang industriya. Dagdag pa rito, ang elemento ng binuong disenyo ay hinalaw sa pag-aaral ni Villanueva (2021), na ang naging tuon naman ay pagbuo ng isang silabus ng kurso na ang pinalulutang ay makabayang pedagohiya.

Sa mungkahing modelong estratehiya na ito ay makikita ang mga layuning pangkomunikasyon sa korporasyon. Ang mga layuning ito ay tumutukoy sa mga kakayahang komunikatibong pansosyal (Stafford 2015; Bakx at Sijtsma et al., 2002) na kailangan ng iba't ibang industriya at kinakailangang malinang sa mga mag-aaral gamit ang asignaturang Filipino. Tinawag ito sa kasalukuyang pag-aaral bilang mga layuning pang**KORPMUNIKASYON** (Talahanayan 3).

Talahanayan 3

Halimbawa ng mga Layuning PangKORPMUNIKASYON, Paksa at Mahahalagang Tanong

Mga Layuning PangKORPMUNIKASYON	Paksa	Mahahalagang Tanong
Maipamalas ang kakayahang magtrabaho nang epektibo sa iba't ibang grupo		Ano-ano ang mga hakbang sa pakikipagkomunikasyon upang mapabuti ang kakayahang makipagtulungan at/o makipag-ugnayan sa iba't ibang uri ng tao?;
Makapagbahagi at makipagtulungan sa iba na gawin ang isang tungkulin	Sitwasyong Pangwika sa Mundo ng Pagtatrabaho na may Kaugnayan sa Kurso o Larangang Kinukuha/ Etika sa Pagtatrabaho sa Kontekstong Pilipino	Bakit mahalaga ang mga di-berbal na komunikasyon sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang tao?;
Makagawa ng kompromiso upang makamit ang layunin ng pangkat		Paano nakatutulong ang kaalaman sa wastong pakikipagkomunikasyon upang epektibong makipag-ugnayan sa iba't ibang grupo ng mga tao at maisaayos ang mga di pagkakaunawaan?
Makapagpamalas ng pagpapahalaga sa kontribusyon na ginawa ng ibang katrabaho		

Samantala, tinawag namang KORPMUNIKATIBONG Gawain (Talahanayan 4) na halaw sa katawagang komunikatibong gawain ang mga nabuong mga gawain na may kaugnayan sa kasanayang lilinganin sa mga mag-aaral. Ang mga gawaing ito ay nakabatay sa simulain ng komunikatibong pagtuturo at pagkatuo ng wika ni Richards (2006) at *Task-based learning* ni Willis (1996) kung saan ang mungkahing paraan ng pagtuturo at pagkatuto ay sa hango sa realidad, pasalita man ito o pasulat.

Talahanayan 4

Halimbawa ng Gawaing Pangklase (Guro at Mag-aaral) at KORPMUNIKATIBONG Gawain

Gawaing Pangklase (Guro at Mag-aaral)	KORPMUNIKATIBONG Gawain
Pagtuklas: Magpatala sa mga mag-aaral ng mga kadalasang nagiging suliranin sa mga pangkatang gawain. Matapos nito ay magpatanong sa mga mag-aaral ng mga kadalasang suliranin na kinahaharap ng mga empleyado sa mga gawaing pangkatan. Paano ito nasosolusyonan? Ipatukoy ang mga dapat isaalang-alang upang maging matagumpay ang kolaborasyon. Paglalahad: Ipalahad sa klase ang mga nakalap na impormasyon. Pagtalakay: Pagsusuri sa mga nakalap na impormasyon. Pagninilay: Magsagawa ng repleksyon kaugnay ng mga natuklasan.	KOOPERASYON AT KORPLABORASYON: Isakilos o isadula ang mga wasto at epektibong kooperasyon at kolaborasyon sa mga katrabaho o kapangkat. Maging malikhain sa paglalahad.

Mga gawaing pangkorporasyon-komunikasyon o KORPMUNIKASYON.

Gaya ng nabanggit na, ang kabuoang disenyo, partikular ang elemento ng mungkahing modelong estratehiya sa paglinang ng kasanayang pampagtatrabaho ay hinalaw sa pag-aaral ni Villanueva (2021) na silabus gamit ang makabayang pedagohiya; Wejs (2022) na CORPOLECT o ang wika ng korporasyon; komunikatibong pagtuturo at pagkatuto ng wika ni Richards (2006) at Task-Based Learning ni Willis (1996) na ang tuon ay makatotohanang paggamit ng wika sa mga tiyak na sitwasyon. Makikita sa Talahanayan 4 kung paanong ang mga sitwasyong pampagtatrabaho sa realidad ay iniugnay sa gawaing pangklase upang maunawaan ng mga mag-aaral ang mga posibleng sitwasyon na maaari nilang kaharapin sa hinharap. Gamit ang task-based learning ay ipinakita ang komunikasyon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagsasatao.

Mga layuning pangkorpmunikasyon.

Tinataglay ng bahaging ito ang mga kasanayang inaasahang malinang sa mga mag-aaral. Ang mga kasanayang ito ay mga komunikatibong kasanayang pansosyal. Dagdag pa rito, ang mga kasanayang nabanggit ay resulta ng isinagawang pagpili ng mga kalahok sa iba't ibang industriya na pinaniniwalaang kailangan sa mundo ng pagtatrabaho kung saan ay ituturo sa asignaturang Filipino upang malinang sa mga mag-aaral. Kaugnay nito, nakaayos ang mga kasanayang ito batay sa pagkakapare-pareho ng mga tuon o pinapaksa. Halimbawa nito ay ang mga kasanayang: maipamalas ang kakayahang magtrabaho nang epektibo sa iba't ibang grupo; makapagbahagi at makipagtulungan sa iba na gawin ang isang tungkulin; makagawa ng kompromiso upang makamit ang layunin ng pangkat at makapagpamalas ng pagpapahalaga sa kontribusyon na ginawa ng ibang katrabaho. Kakikitaan ang mga kasanayang ito ng tuon sa konsepto ng kooperasyon at kolaborasyon tungo sa isang layunin; gayundin, pagpapakita ng pagpapanatili ng mabuting pakikipag-ugnayan sa isa't isa ng mga kasapi ng pangkat (Talahanayan 4).

Mga paksang pangkorpmunikasyon

Ang mga kasanayang pangkorporasyon-komunikasyon ay inangkupan ng mga napapanahong paksang-aralin na magiging daan upang maging pundasyon ng mga mag-aaral para sa mga gawain. Ang mga paksang araling ito ay magagamit upang magkaroon ng kabatiran ang mga mag-aaral sa batayang konsepto. Isang halimbawa nito ay ang mga sitwasyong pangwika sa korporasyon; etika sa pagtatrabaho sa kontekstong Pilipino; gayundin ang mga nakalimbag at digital na pakikipagkomunikasyon sa trabaho (Talahanayan 4).

Mahahalagang tanong


Kaugnay ng mga paksang aralin, ang bahaging ito ay nakatuon sa mga gabay na tanong pangkabatiran na magsisilbing gabay sa pag-unawa at pagpapahalaga sa mga aralin tungo sa paglalapat ng mga natamong kaalaman sa pagsasagawa ng mga nakalatag na gawain.

Mapapansin ang ugnayan ng mga paksang-aralin at ng mga tanong patungo sa mga komunikatibong gawain (Talahanayan 4).

Gawaing Pangklase (Guro at Mag-aaral)

Pigura 2

KORPMUNIKASYON: Mungkahing Modelong Estratehiya sa Paglinang ng Komunikatibong Pansosyal tungo sa Integrasyon ng Kasanayang Pampagtatrabaho sa Asignaturang Filipino sa Pangkalahatang Edukasyon



Ang mungkahing daloy ng gawaing pangklase ay nakabatay sa task-based learning ni Willis (1996) na may modipikasyon upang maiangkop sa pag-aaral. Binibigyang-diin nito ang paghahantad ng mga mag-aaral sa aktwal na karanasan sa labas ng silid-aralan.

Pagtuklas. Makikita rito ang mga gawaing humihimok sa mga mag-aaral na alamin ang karanasan sa pagtatrabaho at matuklasan ang kasalukuyang takbo ng pakikipagkomunikasyon.

Paglalahad. Ilalahad ng mga mag-aaral ang kanilang natuklasang impormasyon upang maisakatuparan ang diskusyon at pagsusuri ng paksa. Sa bahaging ito makikita na sa tulong ng mga gawain na nahahantad ang mga mag-aaral sa mga aktwal na nagaganap sa mundo ng pagtatrabaho.

Pagtalakay. Susuriin ang impormasyong inilahad. Mula rito, makabubuo ang mga mag-aaral ng kongklusyon at pagninilay.

Pagninilay. Hinihikayat ang replektibong pagbabahagi ng natuklasan upang mabigyang-halaga ito sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Gawaing Pagkorpmunikatibo

Salig sa komunikatibong pagtuturo at pagkatuto ng wika ni Richards (2006), sa bahaging ito pumapasok ang mga praktikal na gawaing pangkomunikasyon, partikular ang mga komunikatibong estratehiyang hahasa sa mga mag-aaral upang matamo ang mga kasanayang pangkomunikasyong pansosyal sa korporasyon. Ang mga gawain ay halaw sa realidad (Willis, 1996) kung saan ay inilapat sa konteksto ng silid-aralan. Makikita sa Talahanayan 4 ang isang halimbawang gawain kung saan ay inilahok sa pamagat ng gawain ang konsepto ng korporasyon at komunikasyon.

Sa kabuoan (Figura 2), ang integrasyon ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ay isinasagawa sa pamamagitan ng paglalapat ng mga kasanayang komunikatibong pansosyal sa mga aralin, layunin, at gawain ng asignatura. Ang mga kasanayang ito, na pinili batay sa datos mula sa industriya, ay isinanib sa paksang-aralin, mahahalagang tanong, at gawaing pangklase sa pamamagitan ng Makabayang Pedagogiya at Task-Based Learning. Ibig sabihin, ang mga mag-aaral ay hindi lamang pinag-aaralan ang wika bilang sistema kung hindi bilang instrumento ng aktwal na pakikilahok sa lipunan at sa trabaho. Sa ganitong paraan, ang asignaturang Filipino ay nagiging daluyan ng paghahasa ng mga kasanayang tunay na kailangan sa mundo ng paggawa. Bilang paunang hakbang na pag-aaral, mainam na ito ay sundan ng pag-aaral na ang tuon ay pagsusuri sa kaangkupan at kabisaan nito upang ito ay mapaunlad.

Kongklusyon

Sa kabuoan, natamo ng pananaliksik ang layunin nitong makabuo ng isang modelong estratehiya, ang KORPMUNIKASYON, na naglalayong linangin ang komunikatibong pansosyal na kasanayang pampagtatrabaho ng mga mag-aaral sa kolehiyo sa pamamagitan ng asignaturang Filipino sa pangkalahatang edukasyon. Ang modelong ito ay hindi lamang tugon sa kasalukuyang pangangailangan ng mga industriya, kung hindi isa ring hakbang upang pagtibayin anng ugnayan ng akademya at mundo ng paggawa.

Batay sa nakalap na datos mula sa mga kalahok mula sa iba't ibang industriya, lumitaw ang pangangailangan sa mga kasanayang tulad ng epektibong pakikipagtulungan sa iba't ibang pagkat, aktibong pakikinig at angkop na paggamit ng teknolohiya sa komunikasyon sa lugar ng trabaho. Kabilang sa mga tiyak na kasanayang ito ang pagsulat ng email, memo, ulat, at liham; pagsagot at pakikinig sa makabuluhang diskusyon; pakikipag-ugnayan sa mga

gawaing pampubliko; at pagpapaliwanag ng komplikadong ideya sa simple at malinaw na paraan. Isang halimbawa nito ay ang pagpapagawa ng isang task-based na gawain kung saan ang mga mag-aaral ay gagawa ng email sa isang kliyente, gamit ang tamang tono at teknikal na termino, na susundan ng aktwal na pagsusuri at pidbak mula sa guro.

Ang mga natukoy na kasanayang ito ang naging batayan ng nilalaman at estruktura ng modelong KORPMUNIKASYON, kung saan ay isinama ang mga bilang mga Layuning PangKORPMUNIKASYON at isinalin sa mga KORPMUNIKATIBONG Gawain na nakaugat sa mga prinsipyo ng task-based learning (Willis, 1996) at communicative language teaching (Richards, 2006) na pinaunlad mula sa mga pag-aaral nina Villanueva (2021) at Wejs (2022)

Nakabatay ang modelong KORPMUNIKASYON sa mga prinsipyo ng task-based language learning (Willis, 1996) at communicative language teaching (Richards, 2006), na pinaunlad ng mga pag-aaral nina Villanueva (2021) at Wejs (2022). Ipinapakita ng modelong ito ang mahalagang pagsasanib ng teorya at praktikal na aplikasyon sa pagtuturo ng wikang Filipino bilang asignaturang hindi lamang makabuluhan sa akademya kung hindi makabuluhan din sa mundo ng trabaho.

Sa ganitong konteksto, binibigyang-diin ng pananaliksik ang kahalagahan ng Filipino bilang asignaturang naghahanda sa mga mag-aaral para sa tunay na hamon at pangangailangan ng trabaho. Samakatuwid, pinatutunayan ng pag-aaral na ang Filipino bilang asignatura ay may kakayahang maging daluyan hindi lamang ng akademikong pag-unlad kung hindi maging ng mga praktikal na paghahanda sa larangang propesyonal, kung ito ay isasakatuparan sa pamamagitan ng estratehiyang tulad ng KORPMUNIKASYON.

Rekomendasyon at Limitasyon

Batay sa naging resulta ng pananaliksik, iminumungkahi ang sumusunod:

Sa larangan ng teorya, ang patuloy na paglinang ng mga lokal na modelong pangwika na nakaugat sa interdisiplinaryong pagdulog. Ang modelong KORPMUNIKASYON ay maaaring magsilbing ambag sa pagbubuo ng mga teoryang Pilipino hinggil sa pagtuturo ng wika para sa trabaho, na isinasaalang-alang ang ugnayan ng wika, kultura, at kasanayang pampagtatrabaho.

Sa praktikal naman na bahagi, iminumungkahing gamitin ng mga guro ang modelong ito bilang batayan sa pagdisenyo ng mga aralin, modyul, at aktibidad na tumutugon sa aktwal na kalagayan sa industriya. Mahalaga ring isulong ang interdisiplinaryong pagtuturo gamit ang Filipino upang malinang ang mga soft skills tulad ng kolaboratibong gawain, aktibong pakikinig, pagsulat ng tekstong propesyonal, at pagpapaliwanag ng ideya sa payak ngunit epektibong paraan. Dapat ding palawakin ang professional development ng mga guro upang mapalalim ang kanilang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng mga task-based at komunikatibong estratehiya.

Sa larangan ng polisiya, nararapat na isaalang-alang ng mga institusyong gaya ng CHED at DepEd ang rebisyon ng kurikulum sa Filipino, kapwa sa General Education at Senior High School, upang malinaw na maisama ang kasanayang pampagtatrabaho, magtakda ng minimum standards sa komunikatibong kasanayan, at mapalakas ang ugnayan sa sektor ng industriya.

Samantala, sa usapin naman ng metodolohiya at susunod na pananaliksik, iminumungkahi ang pagpapalawak ng saklaw ng pag-aaral upang makuha ang pananaw mula sa mas maraming industriya dahil sa limitadong bilang nito at ng mga kalahok, pati na ang paggamit ng mga metodolohiyang tulad ng interbyu, FGD, at kwalitatibong likert-scale survey. Makatutulong din ang paglahok ng mga guro at aktwal na obserbasyon sa mga mag-aaral upang makabuo ng mas holistikong modelo. Mahalaga ring suriin ang kasalukuyang antas ng komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral upang maiakma ang mga estratehiya at materyales, at gamitin ang mas akmang estadistikal na pagsusuri batay sa demograpikong datos.

Makabubuting suriin ang nilalaman ng Filipino at Business English upang maiwasan ang pag-uulit ng paksang-aralin. Higit sa lahat, kailangang dumaan sa balidasyon ang mga mungkahing estratehiya at materyales upang masukat ang bisa at kaangkupan ng mga ito.

Ang mga mungkahing ito ay maaaring magsilbing gabay sa pagpapalawak ng pananaliksik, pagpapaunlad ng pedagogikal na praktika, at paglikha ng mas makabuluhang polisiya sa edukasyon para sa hinaharap.



Statements and Declarations

1. **Funding details.** Walang kaugnay na pampinasyal na suporta ang pag-aaral.
2. **Disclosure statement.** Walang kaugnay na pinansiyal o di-pinansiyal na interes ang isinagawang pag-aaral.
3. **Acknowledgement:** Pasasalamat sa mga boluntaryong lumahok at naging sangkot sa pag-aaral.
4. **Ethical Approval:** Ang pag-aaral ay sumailalim sa pagsusuri ng komite ng etika ng Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila.
5. **Declaration of Generative AI in Scientific Writing:** Ginamit ang Google Translate upang maisalin ang ilang salita o pahayag. Sumangguni rin ang mananaliksik sa ChatGPT/Copilot upang kumuha ng mungkahi sa binuong

modelo. Matapos gamitin ang mga ito, sumailalim ang mga salita sa pagrebisa. Hindi ginamit ang ChatGPT/Copilot upang buoin ang pananaliksik. Tinatanggap ng mga mananaliksik ang responsibilidad sa paggamit nito.

Mga Sanggunian

- Academy of Management. 6(3), 297-311 https://www.researchgate.net/profile/Alicja-Winnicka-Wejs/publication/364122742_Corpolect__corporate_language_analysis_Perspective_of_communication_in_management/links/633b3fbb9cb-4fe44f3fb9380/Corpolect-corporate-language-analysis-Perspective-of-communication-in-management.pdf
- Alvarado, E.T. at Zamora, N.C.L (2021). *Pedagohikal na grammar ng sinugbuanong binisaya: balangkas ng mga gawaing komunikatibo sa pagtuturo- pagkatuto ng Filipino (Pedagogical grammar of Cebuano visayan: framework of communicative activities in teaching-learning Filipino)*. International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST). 6(4). pp. 3084-3095 <http://www.imjst.org/wp-content/uploads/2021/04/IMJSTP29120476.pdf>
- Asio, J. M., Mendoza, K. J., & Soriano, I. (2022). The General Education Curriculum in the Philippines: A Policy Analysis. *International Journal of Law and Public Policy (IJLAPP)*, 4(2), 66-74. <https://doi.org/10.36079/lamintang.ijlapp-0402.403>
- Bakx, A.W., at Sijtsma, K. et al., (2002). Development and evaluation of a student-centered multimedia self-assessment instrument for social communicative competence. *Instructional Science*, 30, 335-359. <https://research.tilburguniversity.edu/en/publications/development-and-evaluation-of-a-student-centered-multimedia-self->
- Briones, G.B., Apat, E.C., Lorica, D.R. & Valenzuela, M.P. (2021). Employers' Preference on Employability Skills of Business Management and Accounting Graduates. *International Journal of Academe and Industry Research*, 2 (4), pp. 70 - 89. DOI: <https://doi.org/10.53378/348730>
- Caingcoy, M. E., Ramirez, I. A. L., Gaylo, D. N., Adajar, M. I. W., Lacdag, E. O., & Blanco, G. A. B. (2021). Employment, employability, and competencies of the bachelor of secondary education graduates. *International Journal of Research in Education and Science (IJRES)*, 7(3), 872-884. <https://doi.org/10.46328/ijres.2328>
- Carlos, R. A. G. (2024, August 13). *PBBM orders rationalization of SHS Curriculum* | *Philippine News Agency*. Philippine News Agency. <https://www.pna.gov.ph/articles/1231119>

CHED Memorandum Order No. 20 series of 2013. <https://ched.gov.ph/wp-content/uploads/2017/09/Press-Statement-Statement-of-the-Commission-on-Higher-Education-on-Filipino-and-the-revised-General-Education-Curriculum-CMO-No.-20-s.-2013.pdf>

CHED Memorandum Order No. 59 series of 1996. <https://ched.gov.ph/wp-content/uploads/2017/10/CMO-No.-59-Series-of-1996-New-General-Education-Curriculum-GEC.pdf>

CHED Memorandum Order No. 57, s. 2017 – <https://ched.gov.ph/wp-content/uploads/CMO-No.-57-s.-2017-Policy-on-the-Offering-of-Filipino-Subjects-in-all-Higher-Education-Programs-as-part-of-the-new-General-Education-Curriculum-per-CMO-No.-20-s.-2013.pdf>

CHED Memorandum Order No. 4, s. 2018 – <https://ched.gov.ph/wp-content/uploads/2018/04/CMO-No.-4-Series-of-2018-Policy-on-the-Offering-of-Filipino-and-Panitikan-Subjects-in-All-Higher-Education-Programs-as-Part-of-the-New-General-Education-Curriculum.pdf>

Chi, C. (2024, November 7). DepEd to trim core subjects in senior high curriculum to “5 or 6.” *Philstar.com*. <https://www.philstar.com/headlines/2024/11/07/2398371/depd-trim-core-subjects-senior-high-curriculum-5-or-6>

CNN Philippines (May 30, 2019). <http://www.cnnphilippines.com/news/2019/5/30/filipino-panitikan-college-supreme-court-ched.html>

Constantino, P.C. (1991). Implikasyon ng pagpaplanong pangwika sa Pilipinas batay sa mga karanasan ng Malaysia at Indonesia. *Pagpaplanong Pangwika tungo sa Modernisasyon* (pp. 191-209). Unibersidad ng Pilipinas-Sistema.

DECS ORDER No. 52, series 1987 – THE 1987 POLICY ON BILINGUAL EDUCATION. <https://www.deped.gov.ph/1987/05/21/do-52-s-1987-the-1987-policy-on-bilingual-education/#:~:text=The%20Policy%20on%20Bilingual%20Education,in%20Grades%20I%20and%20II.>

Jackson, D. (2013). The contribution of work-integrated learning to undergraduate employability skill outcomes. *Asia-Pacific Journal of Cooperative Education*, 14(2), 99-115. <https://ro.ecu.edu.au/ecuworks2013/19/>

Limos, M.A. (2019). Goodbye, Filipino? National Language Stricken from College Curriculum. *Esquire Philippines* <https://www.esquiremag.ph/politics/filipino-college-curriculum-a00293-20190527>

- Ng, P.M.L., Chan, J.K.Y., Wut, T.M., Lo, M.F. and Szeto, I. (2021), "What makes better career opportunities for young graduates? Examining acquired employability skills in higher education institutions", *Education & Training*, 24(6), pp. 852-871. <https://doi.org/10.1108>
- Pacol, J.M. (2023). E-BAKADA: Interaktibong kagamitan sa pagtuturo ng Filipino bilang ikalawang wika ng mga banyagang estudyante. *The Normal Lights*, 17(2), 167-195. <https://doi.org/10.56278/tnl.v17i2.2164>
- Paju, H. & Entson, A. (2016). Developing Apprenticeship: In-Company Trainer Training and Apprenticeship Promotion. https://www.researchgate.net/publication/322641473_Instructional_material_for_apprenticeship_trainers
- Richards, J. C. (2006). Communicative language teaching today. Cambridge: Cambridge University Press.
- Rowe, A. D., & Zegwaard, K. E. (2018). Developing graduate employability skills and attributes: Curriculum enhancement through work-integrated learning. *Asia-Pacific Journal of Cooperative Education*, 18(2), 87-99. <https://www.proquest.com/openview/c6361387012165dcab9559fda55e9cf4/1?pq-origsite=gscholar&cbl=4379534>
- Seels, B. B., & Richey, R. C. (1994). *Instructional Technology: The Definition and Domains of the Field*. Association for Educational Communications and Technology.
- Stafford, L. (2015). Social communicative competencies across the life span. In A. Hannawa & B. Spitzberg (Ed.), *Communication Competence*. pp. 539-558. <https://doi.org/10.1515/9783110317459-022>
- Villafuerte, P.V. (2022). Ang Filipino sa antas tersyarya. *Kurikulum sa Pagtuturo nng Filipino sa Bagong Normal* (pp.103-105). 7 Eyes Productions Book Publishing.
- Villanueva, V. M, (2021). *Makabayang pegagohiya: pagdalumat, proses, at output (Nationalist pedagogy: analysis, process, output)*. MALAY, 33(2), 74-89. <https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-33/2/6-villanueva.pdf>
- Wejs, A.W. (2022). *Corpolect- corporate language analysis. Perspective of communication in management*. https://www.researchgate.net/profile/Alicja-Winnicka-Wejs/publication/364122742_Corpolect_-_corporate_language_analysis_Perspective_of_communication_in_management/links/633b3fbb9cb4fe44f3fb9380/Corpolect-corporate-language-analysis-Perspective-of-communication-in-manage-

ment.pdf

Willis, Jane (1996). *A Framework for Task-Based Learning*. Harlow: Longman. https://pjp-eu.coe.int/documents/42128013/47261185/2_task.pdf/70f2f98e-0362-4cd4-bc1d-ece49ae878f0

Zafra, R. B. & J.A. Baroquillo, (2024). Tungo sa intelektuwalisasyon ng wikang pambansa: Isang panayam kay Dr. Fortunato B. Sevilla ukol sa potensiyal ng Filipino bilang wika ng mga siyentipikong talakayan. *Mabini Review*. 8, 113-142. <https://publishing.pup.edu.ph/ojs/index.php/MabRev/article/view/14/13>

Authors' Bionote

Si **Gng. Justine A. Wong** ay Koordineytor at Fakulti ng Pangkalahatang Edukasyon sa Far Eastern University-Cavite. Nagtapos ng Master ng Sining sa Edukasyon na may epeyialisasyon sa Pagtuturo ng Filipino noong 2018 at Batsilyer ng Sekondaryang Pang-edukasyon medyor sa Filipino- Cum Laude noong 2012 sa Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila. Sa kasalukuyan ay tinatapos ang Doktor ng Pilosopiya sa Edukasyong Pangwika sa Filipino sa parehong pamantasan.

Si **Dr. Voltaire M. Villanueva** ay kasalukuyang Kawaksing Dekano ng Kolehiyo ng Alternatibo at Panghabambuhay na Pagkatuto. Nagtapos ng PhD sa Araling Filipino sa Wika, Kultura, at Midya sa DLSU-Maynila noong 2015. Nakapagturo sa St. Paul-Makati, DLSU-M, at UST bago magbalik sa PNU noong 2015. Interes saliksikin ang ugnayang wika, kultura, at pedagohiya.